
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 12: Angkop na Kilos sa Maunlad na Komunikasyong Pampamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan - Modyul 12: Angkop na Kilos sa Maunlad na Komunikasyong Pampamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebsyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jezzine F. Salar, Judith Ecoben, |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Saturnino C. Mutia, Concorde Alber J. Deniega, Jean C. Caluyong, Linda T. Geraldino, Junny D. Ramirez, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion |
| **Tagaguhit:** | Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno,<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 12: Angkop na Kilos sa Maunlad na Komunikasyong Pampamilya

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 12 para sa Aralin 1 - Angkop na Kilos sa Maunlad na Komunikasyong Pampamilya!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinatatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 12 para sa Aralin 1 - Angkop na Kilos sa Maunlad na Komunikasyong Pampamilya!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon, at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka

ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Matagumpay ang araw-araw sa pakikibaka sa buhay kung sa bawat pagkakataon at karanasan ay may natutunan ang tao. Bagaman ang karanasang ito ay limitado lamang kung hindi magawang makipag-ugnayan ng tao sa kanyang kapwa o sa lipunan.


Ang pakikipag-ugnayang ito ay nagsisimula sa sariling pamilya o tahanan na kung saan ay unang nalilinang ang mga pagpapahalagang nakatutulong sa pagkakaroon ng kakayahang makisalamuha sa iba. Gayun pa man ang mga pagpapahalagang natutunan sa pakikisalamuha ay nakatutulong sa ikauunlad ng sarili at pamilya.

Sa ugnayang ito ay mahalagang matutunan ang tungkol sa kahalagahan nang maayos na komunikasyon, pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon at mga uri at antas ng komunikasyong umiiral sa pamilya at lipunan bilang pangkalahatan na nakapaloob sa mga naunang modyul. Datapwat mas maganda kung ang mga kaalamang ito ay maisasakilos at maipapamalas upang makamit ang tunay o ganap na pagkakaunawaan at pagkakaisa na nagpapatibay sa ugnayan o relasyon sa pamilya at kapuwa.

Ngayon, ihanda ang sarili sa pagsasagawa ng mga angkop na kilos na makapagpapaunlad sa komunikasyong umiiral sa sariling pamilya.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Naisasagawa mo ang mga angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya. (EsP8PB-If-3.4)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang mabisang paraan upang ang isang pamilya ay magkakaintindihan?
    A. Ang bawat miyembro ay bukas palad.
    B. Ang bawat miyembro ay bukas sa pagtulong.
    C. Ang bawat miyembro ay bukas sa pagsisikap.
    D. Ang bawat miyembro may bukas na kumunikasyon.

2. Ano ang nararapat gawin bilang isang ina kung napapansin mo na balisa ang iyong anak at tila ay may bumabagabag?
    A. hayaan siyang magkwento
    B. palilipasin muna ang kanyang nararamdaman
    C. kakausapin siya at bigyan ng payo kung kinakailangan
    D. tatanungin siya kung masama ba ang kaniyang pakiramdam

3. Bilang isang mabuting magulang, paano mo maitataguyod ang pagkakaroon nang maayos na komunikasyon sa pamilya?
    A. Maging mapagmatyag ka sa kilos ng bawat miyembro.
    B. Hikayating maging bukas ka sa saloobin anumang oras.
    C. Makinig ka lamang sa malapit na miyembro ng pamilya.
    D. Wala kang pakikinggan kapag may hidwaang nagaganap.

4. Paano masasabi na maunlad ang komunikasyon ng isang pamilya?
    A. kapag pabalang na sumagot sa katanungan
    B. kapag naninindigan kahit mali ang paniniwala
    C. kapag sumagot nang walang pag-unawa sa sitwasyon
    D. kapag malayang makapagbigay ng pansariling pananaw

5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya?
    A. pagkaiinggit sa natamo ng iba
    B. paglilihim ng problema sa mga magulang
    C. pagbibigay ng pantay na pagtingin o hatol
    D. pagpapakita ng pagsang-ayon sa lahat ng oras

6. Ano ang nararapat gawin kung napagalitan ka ng iyong ina dahil umalis ka nang walang paalam?
   A. lalambingin ito at aaluin
   B. hihingi ng dispensa o paumanhin
   C. hahayaan na lamang na magagalit ito
   D. iiyak nang malakas upang mapatawad

7. Ano ang nararapat gawin kung nakita mong hindi sinasadyang nabasag ng iyong kapatid ang mamahaling vase na *collection* ng iyong ina?
   A. tatakutin at isusumbong
   B. sisigawan at pagagalitan
   C. isusumbong agad sa magulang ng mapagalitan
   D. pakalmahin at payuhang magtapat sa magulang

8. Ano ang nararapat gawin kung napansin palaging pinapaburan ng iyong mga magulang ang iyong bunsong kapatid?
   A. pagselosan mo ang bunsong kapatid
   B. aawayin ito nang madalas hanggang sa mapansin
   C. kakausapin ang magulang at ipagtapat ang napuna
   D. Kakausapin ang magulang at sabihing ikaw ang mas magaling

9. Ano ang nararapat gawin kung nagalit ang iyong ama dahil pinakialaman mo ang kanyang gamit na hindi nagpapaalam?
   A. magalit din sa kanya
   B. yayakapin ang ama at iiyak
   C. magkunwaring walang alam
   D. makinig sa pangaral at humingi ng paumanhin

10. Paano mapauunlad ang komunikasyon sa pamilya?
   A. Ipilit ang nais mangyari.
   B. Pakinggan ang panig ng bawat isa.
   C. Isaalang-alang ang pansariling desisyon.
   D. Sabay-sabay na magsasalita ang pamilya.

11. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng magulang sa pagtuturo ng angkop na kilos?
   A. dahil ang kanilang mga ipinakikitang kilos at gawi ang tutularan ng mga bata
   B. dahil sila ang magsasanay sa mga bata sa pagmamahal sa pag-aaral at kaalaman
   C. dahil sa kanila nakasalalay ang pundasyon ng isang bata sa pagtamo ng kaalaman
   D. dahil magulang ang unang tagapaghubog sa pagpapahalaga o buong pagkatao ng isang bata

12. Ano ang ipinakikita sa paglalahad ng katuwiran sa pakikipagkomunikasyon sa pamilya?
    A. kaangasan
    B. kapangahasan
    C. katapangan
    D. paninindigan

13. Alin sa sumusunod ang nagsisilbing tagapag-ugnay ng bawat tao?
    A. komunikasyon
    B. koneksiyon
    C. kumunidad
    D. pagmamahal

14. Anong pagpapahalaga ang lubos na maipapakita sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon?
    A. pagiging makatao
    B. pagiging magalang
    C. pagiging matapang
    D. pagiging maka-Diyos

15. Kanino unang natutuhan ng bata ang mga pagpapahalaga bilang tao?
    A. guro
    B. pamilya
    C. pari
    D. prinsipal

# Aralin 1 Angkop na Kilos sa Maunlad na Komunikasyong Pampamilya

*"Ang magandang tahanan ay hindi nakikita sa magandang gusali at mga palamuti. Nakikita ito sa kagandahan ng pagsasama ng pamilyang nasa loob nito."*

*-Anonymous*

Ngayon, subukin sa Balikan ang natutuhan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



## *Balikan*

**Gawain 1. Iugnay Mo!**

Suriin ang mga konsepto sa Hanay A at iugnay ito sa mga antas ng komunikasyon sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. pakikinig sa sarili | A. organisasyonal |
| 2. pagpupulong ng mga guro | B. interpersonal |
| 3. pakikipag-usap sa katabing kaklase | C. pampubliko |
| 4. pagtatalumpati ng punong-barangay sa pista ng kanilang nayon. | D. intrapersonal |
| | E. pangmasa |
| 5. paghahatid ng balita sa panahon | F. pangkaunlaran |

**Gawain 2. Mangatwiran Ka!**

Sagutan ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Makatutulong ba ang kaalaman sa antas ng komunikasyon sa pagsasagawa ng angkop na kilos sa pagkakaroon o pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya? Pangatwiranan.

**Rubriks sa Pagmamarka ng Pangangatwiran**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (7 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan | Malinaw na nakapaglahad ng ideya at sapat na pangatwiran ang katanungan hinggil sa kahalagahan ng antas ng komunikasyon | Di- gaanong malinaw na nakapaglahad ng ideya at napangatwiranan ang katanungan hinggil sa kahalagahan ng antas ng komunikasyon | Hindi malinaw ang pagkalahad ng ideya at hindi napangatwiranan ang sagot |
| Organisasyon ng Ideya | Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata | Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata |
| Kabuoang puntos 20 | | | |

***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



# *Tuklasin*

**Gawain 3. Ipapahiwatig Ko! Kahulugan Nito!**

Basahin at unawain ang tula. Sagutan ang kasunod na mga katanungan pagkatapos. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## Komunikasyong Pampamilya Paunlarin

nina R. Dador, M. Lillo, R. Lepaopao, J. Salar, J. Clarion at J. Ecoben

Pamilyang kinalakihan
‘Di pinili, sadyang kinamulatan
Panlabas at panloob na katangian
Hinubog, inagapay

Mabuting gawi, tayo’y sinanay
Mga asal na dapat taglayin sa buhay
Maalalahanin, mapagmahal at mapagbigay
Itinuro nang walang humpay

Sa pamilya ay masasalamin
Pag-aaruga’y dapat gawin
Pangungumusta, paggalang palaganapin
Pagiging tapat ipamalas din

Pampamilya usaping
Sa tahana’y panatilihin
Hidwaa’y alisin, respeto’y pairalin
Nang solusyo’y mamalasin natin

Upang sarili sa lungkot ‘di makulong
Paunlarin bukás na komunikasyon
Pagkamalikhain taglayin, maging sa simpleng gawain
Kung may tampuhan, masarap na pagkain ay ihahain

O di kaya’y maghunos-dili
Ilagay muna sa kondisyon ang sarili
Angkop na asal at kilos, taglaying lubos
Kaunlaran ng komunikasyong pampamilya, tiyak maaabot!

**Gabay na Tanong:**

1. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng may-akda?
2. Paano mapaunlad ang komunikasyong pampamilya?
3. Para sa iyo, ano ang taglay mong angkop na kilos na magpapaunlad sa inyong komunikasyong pampamilya?



## *Suriin*

Sinasabing ang pamilya ay pangunahing institusyon sa lipunan na nabuo sa pagmamahalan ng isang babae at isang lalaki na nauuwi sa isang simple o magarbong kasalan upang maging legal sa batas, mata ng tao at may panalangin sa Diyos.

Matapos maisilang ang isang sanggol, ang pamilya ang tanging sandigan hanggang sa paglaki nito. Ito ang unang humubog sa pagkatao ng mga Pilipino. Samakatuwid pamilya ang unang guro ng mga kabataan samantalang tumatayong pangalawang magulang naman ang mga guro.

Maraming mukha ang pamilya may masaya o malungkot na siyang sumasalamin kung papaano pinapahalagahan ng mga kasapi ng isang pamilya sa pagsasagawa ng kilos. Batay sa tula na nabasa, magiging masaya kung may bukas na komunikasyon na maipakikita sa mga kilos tulad ng pagiging maalalahanin, magalang, tapat, pagrespeto at pagmamahal. Samantala magiging malungkot ang isang pamilya kung walang pakialam sa bawat miyembro nito

Kung bibigyan ka ng pagkakataong pumili ng pamilya, alin ang iyong pipiliin? Hindi ba't ninanais ng lahat ang mapabilang sa masayang pamilya? Ngunit sa reyalidad bawat pamilya ay may kahinaan na kinakailangang punan at payabungin sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng angkop na kilos.

Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga angkop na kilos na kailangang taglayin upang mapaunlad ang komunikasyong pampamilya:

a. **Pagiging matapat sa salita at sa gawa**

Isa sa mga birtud na taglay ng isang tao ay maging tapat sa lahat ng panahon. Kung maiiwasan ang pagsisinungaling, pandaraya at pagsisiwalat ng maling akusasyon sa kapuwa, mas magkaroon ng pagtitiwala ang mga kasapi ng pamilya. Sa madaling salita, ang taong hindi nagsisinungaling ay mas umaani ng tiwala sapagkat hindi makaduda-duda ang kilos o gawi.

b. **Paninindigan sa paniniwala**

Natatangi sa isang pamilya na may paninindigan sa binibitiwang pahayag sapagkat nasusukat nito ang integridad ng tao. Ibig sabihin, masasalamin sa pananalita at kilos ang prinsipyo bilang tao. Batid nito kung

kailan magbibigay ng kanyang pagsang-ayon o pagtutol sa isang kilos, pangyayari o sitwasyon.

c. **Pagbibigay ng pantay na pagtingin o hatol**

Napansin mo ba na kung ang miyembro ng pamilya ay nagpamalas ng pantay na pagtingin o walang kinikilingang panig ay mas kampanti ang buong pamilya na tama ang paghatol. Nangangahulugan lamang ito na natamo ang tiwala sa ipinakitang kilos.

d. **Pagpapakita ng respeto**

Ang pagsasaalang-alang ng pagbibigay halaga sa ideya ay isang paraan ng pagpapakita ng respeto sa pamilya. Maiiwasan din ang pagtatalo sa pagitan ng dalawang magkaibang panig. Higit sa lahat mas mapapadali ang usapan kung ang bawat panig ay marunong makinig at bukas sa pagtanggap ng ideya.

e. **Pag-ako ng responsibilidad**

Kahanga-hanga ang taong may paninindigan sa kanyang gawi. Ibig sabihin, positibo o negatibo man ang resulta ng kanyang kilos ay may pananagutan siya rito. Ito ay magdadala ng katiwasayan sa isang pamilya sapagkat maiiwasan ang sisihan kung sino ang talagang may sala sa isang problema.

f. **Pagpapakita ng malikhaing pag-iisip**

Nag-iisip ang isang tao ng ibang kaparaanan sa paglalahad ng ideya at nararamdaman. Halimbawa, ang pagbibigay ng bulaklak bilang paraan ng paghingi ng tawad sa nakagalitan.

g. **Pag-aalala at pagmamalasakit**


Ipinakikita ang nararapat na kilos sa isang sitwasyon. Halimbawa, pakikiramay sa pinagdadaanan ng isang tao sa pamamagitan ng pagbahagi ng mga salitang magpapalakas sa kanya. Pagbibigay ng payo upang mas makapag-isip hinggil sa kanyang desisyon na gagawin ngunit pagbibigay pa rin ng kalayaang magpasya sa bandang huli.

h. **Malayang pagpapahayag o pagiging bukas**

Ang pagiging bukas sa kanyang sariling saloobin ay nagpapakita ng matapang na pagtanggap sa opinyon at mungkahi ng ibang tao batay sa kanyang iniisip o isinagawang kilos. Ito ay hudyat ng pagiging totoo sa sarili at sa iba. Hindi dapat isipin ng kasapi na ang opinyon o reaksyon ng ibang miyembro ng pamilya sa kanyang kilos ay isang paninirang puri o paghila sa kanya pababa at pagdidikta bagkus ito ay positibong titingnan na mas mapaunlad ang sarili.

i. **Pagiging masaya sa kaligayahan ng iba**

Ang kilos na ito ay magbibigay ng katiwasayan sa pamilya sa pamamagitan ng pagpapakita ng wagas na kaligayahan sa natamong tagumpay. Maiiwasan ang pagiging mainggitin at pagiging kontrabida sa natamong tagumpay ng iba.



# *Pagyamanin*

## Gawain 4. Kilalanin Mo!

Isulat ang tsek (✔) sa sagutang papel kung ang pahayag ay nagpapakita ng angkop na kilos tungo sa pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya at ekis (✖) naman kung hindi.

1. tumutulong sa mga gawaing-bahay
2. ipinagluto ng pagkain ang kanyang lolo at lola
3. pagtanggap sa pagkakamaling nagawa
4. may pagkukusa sa mga gawain
5. nakikibahagi sa mga usaping pampamilya kung kinakailangan
6. naging tapat sa lahat ng sasabihin
7. marunong tumupad sa pinag-usapan
8. laging wala sa bahay dahil kasa-kasama ang mga barkada
9. pantay na paghatol
10. marunong makinig sa kausap

## Gawain 5: Saloobin Mo, Pangatwiranan Mo!

Basahin at unawain ang mga pahayag na nasa talahanayan. Lagyan ng ☺ kung ang mga pahayag ay nagpapakita ng angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon ☹ sa pamilya at naman kung hindi. Pangatwiranan at isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Mga Pahayag o Sitwasyon | Sagot |
|---|---|
| 1. pabalang na sinasagot ang magulang | |
| 2. itago ang sukli | |
| 3. paglalahad ng opinyon sa isang isyu | |
| 4. pagrespeto sa desisyon ng magulang | |
| 5. hinahanapan ng mali ang sinasabi ng kausap | |
| 6. hindi nakikinig sa kausap | |
| 7. pagsaalang-alang sa ideya | |
| 8. pinag-iisipan ang sinasabi | |
| 9. humingi ng payo sa pamilya | |
| 10. magpahayag ng saloobin | |

## Gawain 6: Tugon sa Sitwasyon!

Basahin at unawain ang sitwasyon sa ibaba. Sagutin ang sumunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sitwasyon : Nag-aaway ang inyong magulang sa inyong harapan at muntik ng magkasakitan dahil sa isang problema. Ito ang iyong palaging nasaksihan simula ng pareho silang abala sa trabaho. Paano mo maisasagawa ang angkop na kilos upang mapaunlad ang komunikasyon ng inyong pamilya?

Sagot :

Sitwasyon : Parating lumiliban ang iyong kapatid sa kanilang klase dahil sa impluwensiya ng barkada. Nalaman ito ng iyong ina kung kaya ay tinanong niya ito upang makumperma bagaman pinabulaanan ito ng iyong kapatid. Ikaw, bilang kapatid na alam ang buong katotohanan, papaano mo hihikayatin ang iyong kapatid na magsabi ng totoo bilang pagsasagawa sa angkop na kilos sa pagpapaunlad ng komunikasyon sa inyong pamilya?

Sagot :

**Rubriks sa Pagmamarka**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan | Napakalinaw ang pagkalalahad ng mensahe at sariling kaisipan hinggil sa sa sitwasyon | Malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa sitwasyon | Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa sitwasyon |
| Kabuoang punto 10 | | | |




# *Isaisip*

## Gawain 7. Punan Mo ng Mabuo!

Piliin sa loob ng kahon ang salitang angkop na ilagay sa patlang upang mabuo ang sanaysay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| A. gabay | F. pamilya |
| B. maalalahanin | G. pinaniniwalaan |
| C. mapamaraan | H. kilos |
| D. pagmamalasakit | I. asal |
| E. damdamin | J. buhay |

Malaki ang papel na ginagampanan ng ating (1) __________ sa ating buhay. Sila ang ating naging (2) __________ dito sa mundong ibabaw. Tinuruan nila tayo kung paano, magsalita, lumakad, at manindigan sa ating (3) __________. Malaki ang impluwensya nila sa ating (4) __________ at gawi. Mahalagang matutunan natin ang mga angkop na (5) __________ na nakapagpapaunlad ng ating relasyon at pakikipagkomunikasyon sa ating pamilya. Ang mga gawi't kilos tulad ng pagiging (6) __________ ay nagpapakita ng (7) __________ at pagmamahal. Matutong humingi ng paumanhin kung nakasakit ka ng (8) __________. Magpasensya kung kinakailangan lalo na sa mga nakababata at nakatatanda. Maging malikhain din at (9) __________ sa mga panahong kailangan mong manuyo. Ang pagkakaroon ng matatag na relasyon sa pamilya ay nagbibigay ligaya sa (10) __________.



# *Isagawa*

**Gawain 8. Kilos at Bunga**

Punan ng hinihingi ang talahanayan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| ANGKOP NA KILOS | BUNGA/ RESULTA |
|---|---|
| Hal. Pagsasabi ng totoo sa aking magulang | Hal. Mas pagkakatiwalaan ako ng aking magulang |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



## *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng magulang sa pagtuturo ng angkop na kilos?
   A. dahil ang kanilang mga ipinakikitang kilos at gawi ang tutularan ng mga bata
   B. dahil sila ang magsasanay sa mga bata sa pagmamahal sa pag-aaral at kaalaman
   C. dahil sa kanila nakasalalay ang pundasyon ng isang bata sa pagtamo ng kaalaman
   D. dahil magulang ang unang tagapaghubog sa pagpapahalaga o buong pagkatao ng isang bata

2. Ano ang ipinakikita sa paglalahad ng katuwiran sa pakikipagkomunikasyon sa pamilya?
   A. kaangasan
   B. kapangahasan
   C. katapangan
   D. paninindigan

3. Alin sa sumusunod ang nagsisilbing tagapag-ugnay ng bawat tao?
   A. komunikasyon
   B. kumunidad
   C. kuneksiyon
   D. pagmamahal

4. Anong pagpapahalaga ang lubos na maipapakita sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon?
   A. pagiging makatao
   B. pagiging magalang
   C. pagiging matapang
   D. pagiging maka-Diyos

5. Kanino unang natutuhan ng bata ang mga pagpapahalaga bilang tao?
   A. guro
   B. pamilya
   C. pari
   D. prinsipal

6. Ano ang mabisang paraan upang ang isang pamilya ay magkakaintindihan?
    A. bukas palad
    B. bukas sa pagtulong
    C. bukas sa pagsisikap
    D. bukas na kumunikasyon

7. Ano ang mabisang paraan upang ang isang pamilya ay magkakaintindihan?
    A. Ang bawat miyembro ay bukas palad.
    B. Ang bawat miyembro ay bukas sa pagtulong.
    C. Ang bawat miyembro ay bukas sa pagsisikap.
    D. Ang bawat miyembro may bukas na kumunikasyon.

8. Ano ang nararapat gawin bilang isang ina kung napapansin mo na balisa ang iyong anak at tila ay may bumabagabag?
    A. Hayaan siyang magkuwento.
    B. Palilipasin muna ang kanyang nararamdaman.
    C. Kakausapin siya at bigyan ng payo kung kinakailangan.
    D. Tatanungin siya kung masama ba ang kaniyang pakiramdam.

9. Bilang isang mabuting magulang, paano mo maitataguyod ang pagkakaroon nang maayos na komunikasyon sa pamilya?
    A. Maging mapagmatyag ka sa kilos ng bawat miyembro.
    B. Hikayating maging bukas ka sa saloobin anumang oras.
    C. Makinig ka lamang sa malapit na miyembro ng pamilya.
    D. Wala kang pakikinggan kapag may hidwaang nagaganap.

10. Alin sa mga sumusunod ay nagpapakita ng angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya?
    A. pagkaiinggit sa natamo ng iba
    B. paglilihim ng problema sa mga magulang
    C. pagbibigay ng pantay na pagtingin o hatol
    D. pagpapakita ng pagsang-ayon sa lahat ng oras

11. Ano ang nararapat gawin kung napagalitan ka ng iyong ina dahil umalis ka nang walang paalam?
    A. lalambingin ito at aaluin
    B. hihingi ng dispensa o paumanhin
    C. hahayaan na lamang na magagalit ito
    D. iiyak nang malakas upang mapatawad

12. Ano ang nararapat gawin kung nakita mong hindi sinasadyang nabasag ng iyong kapatid ang mamahaling *vase* na *collection* ng iyong ina?
   A. Tatakutin at isusumbong
   B. Sisigawan at pagagalitan
   C. isusumbong agad sa magulang ng mapagalitan
   D. pakalmahin at payuhang magtapat sa magulang

13. Ano ang nararapat gawin kung napansin palaging pinapaburan ng iyong mga magulang ang iyong bunsong kapatid?
   A. pagselosan mo ang bunsong kapatid
   B. aawayin ito nang madalas hanggang sa mapansin
   C. kakausapin ang magulang at ipagtapat ang napuna
   D. Kakausapin ang magulang at sabihing ikaw ang mas magaling

14. Ano ang nararapat gawin kung nagalit ang iyong ama dahil pinakialaman mo ang kanyang gamit na hindi nagpapaalam?
   A. magalit din sa kanya
   B. yayakapin ang ama at iiyak
   C. magkunwaring walang alam
   D. makinig sa pangaral at humingi ng paumanhin

15. Paano mapauunlad ang komunikasyon sa pamilya?
   A. Ipilit ang nais mangyari.
   B. Pakinggan ang panig ng bawat isa.
   C. Isaalang-alang ang pansariling desisyon.
   D. Sabay-sabay na magsasalita ang pamilya.

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 9. Gawi Ko! Isusulat Ko**

Gumawa ng *journal* na naglalaman ng mga magiging gawi at angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya.

**Rubriks sa Pagmamarka**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Komprehensibo ang nilalaman ng journal. May sapat na impormasyon. | May ilang kakulangan sa nilalaman ng journal. | Kulang sa nilalaman ang journal. |
| Organisasyon ng mga kaisipan | Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa journal | Malinaw at maayos ang pagkalahad ng kaisipan sa journal | Walang kaayusan ang pagkalahad ng kaisipan ng Journal. |
| Kabuoan puntos (20) | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D
2. C
3. B
4. D
5. C
6. B
7. D
8. C
9. D
10. B
11. D
12. C
13. A
14. A
15. B

**Tayahin**

1. D
2. C
3. A
4. A
5. B
6. D
7. C
8. B
9. D
10. C
11. B
12. D
13. C
14. D
15. B

**BALIKAN**

**Gawain 1**

1. D
2. A
3. B
4. C
5. E

**Pagyamanin**

**Gawain 4**

1. /
2. /
3. /
4. x
5. /
6. /
7. /
8. x
9. /
10. /

**PAGYAMANIN**

**Gawain 5**

1. ☹ Ang magulang ay dapat na nererespeto at hindi sinasagot ng pabalang. Ugaliing maging mahinahon kapag sasagot at huwag kalimutang gumamit ng po at opo bilang tanda ng paggalang.
2. ☹ Dapat isauli ang sukli kung ito ay hindi sa iyo. Huwag iisipin na ang sukli ay kapalit nang iyong ipinakita o pagtupad sa utos sapagkat ang pagtulong ay dapat na bukal sa loob.
3. ☺ Mas mainam na makapagbahagi ng opinyong hinggil sa isyu upang masagot ang mga agam-agam.
4. ☺ Kailangan nating irespeto ang desisyon ng ating mga magulang dahil alam nila na ito ay para sa ating ikabubuti.
5. ☹ Huwag ipukos ang atensyon sa mali nang iba, sa halip bigyang tuon ang diwa ng impormasyon.
6. ☹ Ang pakikinig ay isang paraan upang mapaunlad ang komunikasyon, kinakailangan na makinig upang malaman ang isyung pinag-uusapan ng sa gayon ay maintindihan ng mabuti ang hinaing o sinasabi ng isang tao.
7. ☺ Isa sa palatandaan na napaunlad ang pakikipagkomunikasyon kung inirerespeto ang opinyon o ideya ng isang tao, maaring miyembro ng iyong pamilya o mga kaibigan.
8. ☺ Maiging pag-isipan ng makailang beses ang sasabihin upang makabuo ng isang maayos na ideya o desisyon na hindi pagsisisihan sa bandang huli.
9. ☺ Isa sa mga paraan upang mapanatili ang ugnayan sa pamilya ay ang pag-uusap. Kapag ikaw ay may mabigat na suliranin marapat lamang na ikaw ay sumangguni at humingi ng payo sa magulang sapagkat alam nila kung ano ang makabubuti sa iyo. Magulang ang siyang gagabay sa anak upang hindi malihis sa tamang daan.
10. ☺ Magpahayag ng damdamin kung kinakailangan nang sa gayon

**Isaisip /Gawain 7**

1. F. pamilya
2. A. gabay
3. G. pinaniniwalaan
4. I. asal
5. H. kilos
6. B. maalalahanin
7. D. pagmamalasakit
8. E. damdamin
9. C. Mapamaraan
10. J. buhay

**ISAGAWA**

**Gawain 8**

| ANGKOP NA KILOS | BUNGA/ RESULTA |
|---|---|
| 1. Pagrespeto sa opinyon ng ibang tao | 1. Napatatatag ang relasyon sa kapwa |
| 2. Maging maingat sa sasabihin | 2. Naiiwasan ang pagtatalo |
| 3. Pagpapahayag ng sariling | 3. Naiiwasan ang labis na kalungkutan |

# *Sanggunian*

## Aklatan:

Bognot Regina Mignon C., et. al., 2013. *Edukasyon sa Pagpapakatao.* Quezon City: Vibal Publishing House Inc.

## Hanguang Elektroniko

Rick Peterson. et.al., 2009. "Families First-Keys to Successful Family Functioning: Communication." *Publications and Educational Resources, Virginia State University.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph